
BLACK ink®
The Necromancer
CJ Dee

*the Necromancer*

COPYRIGHT © 2014
by Precious Pages Corporation

All rights reserved.
First printing of
the first edition, 2014

Printed in Manila, Philippines

Written and Illustrated by CJ Dee


Precious Pages Content Group:

**Publisher:** Segundo Matias, Jr.
**Managing Editor**: Melanie Esguerra
**Editor**: Black Ink Team
**Proofreader**: Danica Josephine Atog
**Layout:** Elmer Caraig
**Production Coordinator**: Carlos Manalansan

Reproduction or usage of this work in whole or in part in any form by any electronic, mechanical, or other means, now known or hereinafter invented, including xerography, photocopying, and recording, or in any information storage or retrieval system, is forbidden without the permission from the publisher.

ISBN 978-971-02-7142-9

*For you, who is willing to hear me out telling about the other side of eternity.*



# Kabanata Isa

Matagal na akong nananaginip tungkol sa isang lugar kung saan mahalaga ang tubig, kung saan pinakamakapangyarihan ang haring araw sa umaga, at kung saan nalalatagan ang pinong buhangin, na kapag iyong dinakot ay butil kung butil na tatakas mula sa iyong mga palad…

*Ang disyerto*…

Ako ay anak ng pangkaraniwang katutubong mag-asawa na nakatira sa isang oasis ng disyertong pilit kong tinutunton sa aking mga panaginip. Minsan ay itinuturing ko na lamang din na pitak mula sa aking imahinasyon ang tungkol sa mga magulang ko dahil nawalay ako sa kanila. Ano bang malay ko kung buhay pa sila o hindi na?

*"Pakiusap, bayaran mo kami kahit na magkano kapalit ng aming nag-iisang anak!"*

Kumulili na naman sa aking tainga ang tinig ng babaeng minsan ay itinuring kong sandigan. Hinding-hindi ko makakalimutan ang sinabi niyang iyon sa isang estrangherong isang beses lamang niya nakita sa tanang buhay niya.

*"Ina, parang awa mo na! Huwag mo akong ibibigay sa kanya!"* Iyon ang naalala kong pagsusumamo ko noon sa babaeng naalala kong tinatawag kong 'ina.' Mas lalo lamang akong kinain ng takot nang makita kong naglabas na ng pitaka ang estranghero.

Bakit nga ba nauwi sa hindi magandang paghihiwalay ang lahat? Buweno, ang pitong taon kong pamumuhay kasama ng aking mga 'magulang' ay naging madali sa umpisa. May tindahan ng alak ang aking ama at mayroon pa kaming dalawang kamelyo. Tuwing umaga ay lalabas kami ni Ina upang pagmasdan ang kinang ng tubig ng oasis. Siya ay may dalang malaking banga na ginagamit namin upang makasalok ng tubig. Ang pinakapaborito ko sa lahat ay ang pagsapit ng gabi. Halos walang gabi na walang kasayahan lalo na at daanan ng mga mangangalakal at tasike ang aming bayan.

Mayaman ang aming kultura sa mga kuwentong-bayan, kanta, at sayaw; ngunit bukod sa mga iyon, ang hinahanap-hanap kong mga sandali ay kapag mauupo na ako sa ilalim ng tolda para makinig ng kuwento mula sa mga beterinaryong manlalakbay. Ang mga kuwento nila ay nagpapaalab sa aking damdamin gaya nang pakiramdam na idinudulot ng sigang pinalilibutan naming lahat. Pagkatapos ay makakatulog ako na puno ng mga bagong kaalaman at gigising kinabukasan na komportableng nakahiga sa aking higaan. Si Ama o si Ina, isa sa kanila ang buong pagmamahal akong binuhat patungo sa aking silid.

Sa murang edad ay namulat ako na ang buhay ay hindi palaging pulos kaginhawaan. Dumating ang matinding tagtuyot, ilang buwan pagkatapos kong magdiwang ng ikawalong kaarawan. Masasabi kong hindi iyon ordinaryong tagtuyot dahil ang mga hayop, halaman, at residente ng oasis ay sanay naman

talaga sa init.

Natigang ang tubig ng oasis at ang lahat ay nauhaw. Hindi nagtagal ay nangamatay ang mga alagang hayop—na sinundan ng pagkakasakit ng mga mamamayan. Sa panahon nang matinding krisis ay naghahari ang kasamaan sa mga tao. Tumumal na nga ang negosyo ni Ama, napagnakawan pa ang aming pamilya. Hindi pa roon nagtapos ang dagok sa amin dahil sinunog ng mga bandido ang aming bahay.

Nagkasakit si Ama sa kakaisip kung paano isasalba ang aming pamilyang ni wala nang makain. Naging maramot ang mga mangangalakal na dati'y kanyang kaibigan.

Doon ko rin naunawaan na may lebel ang pagmamahal ng tao. Sa isang punto ay nagkaroon si Ina ng isang deliberasyon—kung sino sa amin ni Ama ang kanyang mas pinahahalagahan. May sakit noon si Ama, at upang magkaroon ng salapi na pang-barter sa mangangalakal ng mga mga gamot ay ipinagbili ako ng aking Ina.

Pakiramdam ko nang mga panahong hinihila ako palayo ng estranghero mula sa pagkakayapos sa baywang ni Ina ay tila ba ibinenta na ni Ina ang kaluluwa ko sa diyablo. Isang pagmamalabis ang naisip ko subalit para sa isang musmos pang bata, ang malayo sa magulang ay isang nakakatakot na pangyayari.

Nailigtas nga ba ng ilang pilak ang aking ama? Hindi ko na alam. Wala na akong nalaman pa dahil inilayo ako ng estranghero sa tunay kong tahanan. Dinala niya ako sa isang lumang tore na kung dudungaw ka sa mga naglalakihang bintana ay matatanaw mo ang asul na dagat na kumukuti-kutitap kapag nasisinagan ng araw. Unang beses kong masilayan ang dagat na mas malawak nang hindi hamak sa oasis. Namangha man ako,

hindi pa rin niyon mababago ang kagustuhan kong bumalik sa dati kong tahanan. Mistula akong isang malayang ibon na ikinulong sa isang hawla. Hangga't may pakpak, hinding-hindi mamamatay ang pagnanasang lumipad muli.

*Ganoon din ako.*

Maraming beses na akong nagtangkang tumakas subalit kahit kailan ay hindi nabigo ang estranghero na mahuli ako. Hindi naman siya ang tipo ng nilalang na napaka-istrikto. Wala pa akong naaalalang kinausap ako ng estranghero kaya't hindi ko pa naririnig ang kanyang tinig. Kapag nahuhuli niya akong naglalagay ng lubid sa may bintana ay hinihila lamang niya ako pabalik. Nang makulitan na yata siya sa akin, saka niya ako itinanikala kasama nang napakabigat na bolang bakal, na sa tantiya ko ay may bigat na dalawampung kilo. Mabuti na lamang at hindi niya ako pinagmamalupitan. Pinapakain niya ako sa tamang oras.

Natutunan kong obserbahan ang misteryosong estranghero dala nang pagkabagot. Hindi yata uso ang paliligo dito sa loob ng tore. Walang tubig sa banyo kaya ang lugar na iyon ang pinakaayaw kong parte sa tore, ngunit sadyang mahirap ipagkanulo ang tawag ng kalikasan kaya napapadpad pa rin ako roon. Ang tubig na naiinom ko ay ibinibigay lang sa akin kapag oras ng pagkain. Gustong-gusto kong maligo sa totoo lang. Mukha na akong dugyot at sa tingin ko ay amoy mandirigma na ako pero ang estranghero, kampante pa ring nakabalabal sa kanya ang isang itim na roba. Higit pa roon, prente pang nakapandong ang kanyang ulo. Nananatili tuloy na misteryo ang kanyang hitsura pati na ang kanyang edad.

Isang gabi ay dumating na rin ang pinakahihintay ko. Walang ano-ano'y hinarap ako ng estranghero at unti-unti niyang

ibinaba ang kanyang pandong sa ulo. Sa unang pagkakataon ay nakita ko ang kanyang tunay na hitsura. Kulubot na ang kanyang balat, ang kanyang kutis ay maputlang-maputla. Nanlalabo o malabo ang kanyang mga mata na sa tingin ko ay may katarata pa nga. Ang kanyang sabog-sabog na buhok ay puti ng lahat.

Isa lang siyang matandang lalaki sa paningin ko, at lahat naman ng tao ay tumatanda. Wala akong maipipintas sa kanyang anyo, bagkus ay gumising pa iyon sa aking kuryusidad sa kung ano hitsura ng estranghero noong kanyang kabataan. Maging ang kanyang mga naging karanasan.

Napansin yata ng estranghero na nakatitig ako sa kanyang leeg kaya inayos niya ang kuwelyo ng suot niya sa ilalim ng roba.

"Matanda na ako, hijo, ngunit dahil sa aking propesyon ay hindi ako pinalad na makahanap ng kabiyak, at lalong-lalo ng hindi pinalad na magkaroon ng isang anak na susunod sa aking mga yapak," aniya sa akin. Sa unang pagkakataon ay narinig ko rin ang kanyang tinig. Napakalamyos niyon kabaliktaran sa iniisip kong boses na hinugot sa pinakamalalim na hukay. Nagpatuloy siya sa kanyang mga sinasabi. "Isa akong bigong alkemiko na nalinya sa pag-aaral ng nekromansya. Sa loob nang mahigit animnapung taon ay marami na akong bagay na natuklasan at nalaman. Hindi matatawaran ang aking kaalaman at nais ko sanang ibaon na lamang ang mga iyon sa hukay. May mga bahagi ng aking pananaliksik na lubhang mapaminsala sa tao at ikinababahala kong baka samantalahin lamang iyon ng iba sa oras na isinapubliko ko iyon."

Tumango lamang ako. Iyon lamang ang tangi kong naiisip na isagot sa kanya kahit pa wala akong naiintindihan sa

mga sinasabi niya.

"Ngunit sa isang banda ay natatakot akong basta na lang akong lumisan sa mundong ito na wala ni isa ang makaalam ng kadakilaan ko. Ang gusto ko ay magpatuloy pa ang aking pakikipagsapalaran."

*At ano naman ang kinalaman ko sa kanyang mga pangarap?*

"Kaya nang nakita ko ang iyong mga mata doon sa disyerto kung saan ako huling nagtungo, nagkaroon ako ng lakas ng loob para ipagpatuloy ang aking pangarap. Ang iyong mga mata," dinakma niya ang aking pisngi at ang kanyang mga daliri ay sapilitang ibinaba ang talukap ng aking kanang mata. "Ay punong-puno ng alab, ng gutom para sa mas maraming karunungan. Iyan ang mga matang nakikita ko tuwing ako'y haharap sa salamin noon. Ang mga matang ipinagkait na sa akin ng panahon."

Napaatras ako pagkatapos nang ginawa ng estranghero sa akin. Nanumbalik ang takot ko sa kanya. Ano ang balak niyang gawin at ano ang magiging pakinabang ko sa kanya kung saka-sakali?

Kinagabihan ay dinala niya ako sa isang silid sa tore na unang beses ko pa lang napuntahan. Nakakasulasok ang amoy sa loob; pinaghalong amoy ng kemikal, nabubulok na laman, at kung ano-ano pa. Gusto na yatang bumaliktad ng aking sikmura at hindi ko na iyon napigilan pa nang makakita ako ng isang walang-buhay na katawan na nakahiga sa ibabaw ng mahabang mesa. Wala iyong kasaplot-saplot man lang, ngunit hindi sa kahubdan ng bangkay napako ang aking atensiyon kundi sa napakalaking hiwa mula sa leeg nito patungo sa pribadong parte ng katawan. Daig pa niyon ang baka na kinarne ng matador.

Nakaririmarim. Ngunit naisip kong wala akong kalaban-laban. Nilunok ko pabalik ang isusuka ko sanang kinain ko kanina. Ang sakit sa lalamunan ng pinaghalong asim at pait. Mabuti na lamang pala at puro gulay at prutas lamang ang ipinapakain sa akin dahil naisip kong baka tao ang kinakain ko kung may karne sa putahe.

Sa ngayon ang tangi ko na lang magagawa ay ang tumahimik. Huwag naman sanang gawin sa akin ng estranghero ang ginawa niya sa bangkay na nasa mesa.

"Handa ka na bang magbago ang iyong buhay simula ngayon?" naulinigan kong tanong ng matanda.

Napakunot-noo ako. Ano kaya ang ibig niyang sabihin?

Mula sa laylayan ng suot niyang roba ay bigla na lang siyang naglabas ng isang patalim na may kakaibang disenyo. Direkta niya iyong itinarak sa aking puso. Nagulat ako sa bilis ng mga pangyayari kaya huli na upang makailag pa ako. Sa kabila nang panlalabo ng aking paningin, nagawa ko pang mamalas ang pagbulwak ng sarili kong dugo habang ako ay pabagsak sa sahig…

# Kabanata Dalawa

Dumating ang sandaling bumalik ako sa huwisyo subalit hindi ko matukoy kung gaano katagal ang lumipas. Nanghihina ako. Ang buong sistema ko ay tila iginugupo ng isang karamdaman. Dahan-dahan kong idinilat ang aking mga mata. Ano't anuman kailangan kong pilitin na alamin ang aking kalagayan.

Nasilayan ko ang malamlam na liwanag sa aking pagmulat. Ang lebel ng paningin ko ay nakatuon sa aking paanan dahil nakahiga pala ako nang patihaya sa isang papag. Nagulat ako nang makita ko ang sarili kong kahubdan—lalong-lalo na sa tinahing sugat sa aking dibdib. Ibinalikwas ko ang aking mga braso kaya nalaman kong nakakadena ang mga iyon.

“Gising ka na pala,” sabi ng matanda na tumunghay mula sa ulunan ko.

Kaagad akong tumingala upang salubungin ang kanyang titig. *P-pakawalan m-mo ako,* iyon ang nais kong isatinig. Medyo

tuyot ang lalamunan ko kaya wala ring saysay ang pagbuka ng bibig ko. Nanatili akong walang imik.

Malaking bagay na ginawa niya ang munting kagustuhan ko, sa kabila nang pananahimik ko. Isa-isa niyang pinili mula sa kulumpon ng mga susi ang mga kailangan para mabuksan ang mga kadena at nang tuluyan akong makawala ay mabilis akong bumangon.

Nakaramdam ako ng kirot sa aking dibdib. Nakita ko  kung paano bumalon mula roon ang napakaraming dugo. Mayroon akong sugat na may habang aabot yata nang isang pulgada.

"Huwag ka munang masyadong galawgaw. Mula ngayon ay kailangan mo nang mag-ingat. Gawin mong limitado ang iyong mga kilos dahil ang iyong sugat ay hindi na maghihilom kailanman…"

*Ha? Ano'ng ibig niyang sabihin? Bakit hindi na maghihilom ang sugat ko?*

"Lubhang nakamamatay ang sugat na iginawad ko sa iyo sapagkat sinadya kong patamaan ang iyong puso. Subalit tingnan mo ngayon, ikaw ay buhay na buhay. Sigurado akong gumagana pa rin ang natural na sistema ng iyong katawan kaya't lalaki ka pa. Pero dapat mong malaman ang ritwal upang mapatagal mo ang iyong buhay."

Umiling-iling ako upang upang malaman niyang hindi ko maintindihan ang kanyang ibig sabihin.

Nangunot ang kanyang noo kasabay nang pagdampi ng palad niya sa balikat ko. "Kakaiba kang bata. Simula nang mapadpad ka rito ay ni hindi mo man lang magawang kausapin ako o isatinig man lang ang mga nais mong sabihin. Bakit hindi

ka makapagsalita? Isa ka bang pipi?"

Muli akong umiling. Hindi ako pipi at marunong akong magsalita. Kaya lang ay ipinangako ko sa aking sarili na pagtuntong ko sa dayuhang lugar na ito ay ititikom ko ang aking bibig dahil iyon lang ang tanging naiisip ko na makakapagligtas sa akin mula sa kapahamakan.

Matagal ko nang isinasabuhay ang simpleng lohika na iyon, noon pang ako'y naninirahan sa disyerto. Sa tuwing may nasasabi akong hindi maganda, nagagalit si Ina at nauuwi sa pagdidisiplina niya sa akin kung saan ay pinapalo niya ako ng yantok. Ayokong masaktan. Ayoko ring ipahamak ang sarili ko dahil lamang sa maling pagbibitaw ng salita.

"Buweno, hindi ko na ipipilit na magsalita ka kung hindi ito bukal sa iyong kalooban. Iisipin ko na lang na pipi ka nga pero hindi mo maaaring ipagkaila na naririnig mo ang lahat ng sinasabi ko sa iyo. May sisimulan akong proyekto at ang gusto ko ay makipagtulungan ka sa akin nang maayos."

Tumango ako. Hinintay ko na muling magsalita ang estranghero.

"Siya nga pala, ang pangalan ko ay Eleazar. Maaari mo akong ituring bilang iyong ama o kaya naman dahil sobrang tanda ko na ay tawagin mo na lamang akong lolo. Bibigyan kita ng pangalan upang hindi naman ako masyadong mahirapan na tawagin ang iyong atensiyon sa tuwina."

"A-ang pangalan ko ay Nero," dagli kong tugon na ikinamangha ni Lolo Eleazar. Hindi ako makapapayag na bigyan niya ako ng bagong pangalan. Nais kong kahit ang pangalan ko man lang ay manatiling sa akin lamang.

May makahulugang ngiti ang sumilay mula sa kulubot na

labi ni Lolo Eleazar. "Nero, simula sa araw na ito ay sasanayin kita hanggang sa dumating ang panahon na ikaw ay maging katulad ko."

*Maging katulad niya…*

Ni wala sa hinagap ko kung ano ba talaga si Lolo Eleazar. Hanggang sa natagpuan ko na lang ang sarili ko na humahawak ng panistis at ibinabaon iyon sa matigas na balat ng isang malamig na bangkay.

Sa mura kong edad ay sumailalim ako sa isang maigting na pagsasanay upang maging gaya ni Lolo Eleazar na isang nigromante. Ang mga nigromante—taliwas sa akala ng lahat na basta na lang bumubuhay ng mga pumanaw na—ay isa palang alagad ng makalumang sining at siyensya.

Walang sinuman ang makakagaya sa kadakilaan ng lumikha ng sanlibutan, ngunit naniniwala ang mga nigromante na mayroon pa ring natatagong paraan na ipinagkaloob ang Maykapal sa mga tao upang pasinayaan ang tinatawag na 'ikalawang buhay' o ang 'ikalawang pagkakataon na magbagong-buhay.' Lingid iyon sa kaalaman ng nakararami sapagkat maaaring abusuhin ng sinuman ang karunungan sa muling pagkabuhay.

Hati ang opinyon ng mga tao tungkol sa nekromansya simula pa noong sinaunang panahon. Nakalalamang ang natatakot sa delubyong hatid sa sandaling buhayin ang isang nilalang na namayapa na. Ang kadalasang ipinaparatang sa mga nigromante ay ang pagiging mga kampon ng kadiliman.

*Wala akong sariling opinyon.*

Hiningi lang ng pagkakataon na tahakin ko ang daan ng pagiging isang nigromante. Ano man ang matutuklasan ko

ay tatanggapin ko nang maluwag sa aking dibdib. Mula noon hanggang ngayon ang tingin ko sa aking sarili ay isa lamang ordinaryong nilalang na sumasabay sa agos ng buhay.

Binabalanse ni Lolo ang aking pag-aaral. May oras kung kailan kailangang mag-aral ng Anatomiya at Aritmansiya sa aklatan, at may oras din kung saan isinasagawa ang aplikasyon ng mga iyon sa laboratoryo.

Naging sagrado para sa akin ang laboratoryo kahit hindi ko sigurado kung saan nakukuha ni Lolo ang mga bangkay na pinag-aaralan namin. Kada isang linggo ay may nagagawi ritong isang misteryosong karabana at naghahatid iyon ng isang sako na may bangkay sa loob. Iba-iba ang mga bangkay na dumarating dito sa tore, minsan ay may mga bata, minsan ay matatanda. Ngunit madalas ay mga binata at dalaga ang bangkay.

Nang itanong ko kay Lolo Eleazar kung saan ang mga iyon galing, ang sinasabi niya ay binibili niya iyon nang pasekreto mula sa isang punerarya sa bayan. Kakilala raw niya ang may-ari ng punerarya at ipinagbibili na lamang sa kanya ang mga bangkay na hindi na binabalikan pa ng mga kamag-anak.

Habang lumilipas ang mga araw, unti-unti nang nagiging bahagi ng buhay ko ang nekromansya at ang mga bangkay. Nawala na ang takot ko sa kanila gaya noong unang beses akong makakita ng isang bangkay na nakakalat ang mga lamang-loob. Ngayon ay tila nakahanap ako ng natatanging kakayanan na sa palagay ko ay laan para lamang sa akin.

Binibigyan ako niyon ng impresyon na superyor ako dahil ang lahat ng nais kong gawin sa isang bangkay ay nagagawa

ko. Marahil ay dahil wala iyong buhay at kahit kailan ay hinding-hindi ako masasaktan.

Nagkaroon na nga rin siguro ako ng obsesyon sa paghihimay-himay ng mga bangkay. Sa oras na bumaon ang hawak kong panistis sa isang walang-buhay na katawan hindi ko na mapigilan ang aking sarili. Gustong-gusto kong damahin ang lagkit nang nanunuyong dugo maging ang pinaghalong amoy ng lansa at pagkabulok. Doon ko napagtatanto ang kawalan ng presensya ng buhay. Minsan ay natatakot na ako sa sarili ko at sa maaari kong gawin sa hinaharap pero habang wala pang nangyayaring hindi ko inaasahan, magpapatuloy lamang ako.

Dahil na rin sa abala ako ay hindi ko na namalayan ang paglipas ng panahon. Ang oras ay naging araw, ang araw ay naging buwan, hanggang sa naging mga taon.

Hindi ko na rin napapansin ang araw sa tuwing sasapit ang aking kaarawan, nawalan na rin ako ng pakialam sa aking edad. Tanging si Lolo Eleazar na lamang ang matiyagang nagpapaalala sa akin kung nakalipas na ba ang isang taon, kung nadagdagan ang aking tangkad, o kung ilang taon na ako. Ano nga ba ang huling bilang na sinabi niya? Dalawampu't dalawa nga ba?

Ang ibig sabihin ay halos labinlimang taon na ang nakalilipas buhat nang tumira ako sa tore. Labinlimang taon na rin akong nag-aaral ng nigromansiya.

Nasa hustong gulang na ako para matawag na binata. Magpapatuloy pa ang aking pagtanda kaya't nadidismaya ako kung bakit hanggang ngayon ay hindi pa sa akin itinuturo ni Lolo Eleazar ang lihim na paraan sa pagbuhay ng isang bangkay.

Nitong mga nakaraang araw lang ay napapansin kong bigla na lamang siyang nahahapo at ang maaga niyang pagpapahinga sa kanyang silid. Sa katunayan, maghapon siyang nakakulong sa kanyang silid ngayon. Hindi pa siya lumalabas simula nang magpahinga siya ilang gabi na ang nakalilipas.

Ayoko sanang ipalagay na baka patay na siya ngunit iyon lamang ang naiisip ko sa mga oras na ito. Ibinaba ko sa mesa ang binabasa kong aklat na parte nang pag-aaral ng isang makalumang alkimiya at tahimik akong lumabas ng aklatan. Binagtas ko ang paikot na pasilyo patungo sa pinakamalaking silid sa tore na siyang silid ni Lolo Eleazar.

Sinunod-sunod ko ang pagkatok nang malakas subalit bigo ako na makatanggap ng paanyaya mula sa loob.

"Lolo, papasok ako," pagpapaalam ko. Kung magalit man siya kahit paano ay mayroon akong ikakatwiran na kumatok ako, nagpaalam, ngunit hindi siya sumagot.

Nakapinid ang pinto mula sa loob. Ang ginawa ko ay kumuha ako ng maso at walang pakundangan kong sinira ang mabigat na pinto. Nang makapasok ay sinalubong ako nang nakasusulasok na amoy, na pangkaraniwan na lang sa aking ilong. Ang hindi pangkaraniwan ay ang pinanggalingan niyon. Inilibot ko ang aking tingin sa kabuuan ng silid hanggang sa nakita ko ang nakahigang pigura sa kama. Iyon ay walang iba kundi si Lolo Eleazar na mismo.

Mabigat ang bawat hakbang ko papalapit sa kama. Gustong tumibok ng puso ko para sa halu-halong emosyon na ngayon ay lumulukob na sa aking kaisipan ngunit sa kasamaang palad ay hindi maaaring puwersahin ang puso ko sapagkat

bubulwak ang aking hindi naghihilom na sugat. Pansamantala akong huminto upang kalmahin ang aking sarili.

Sa aking muling paglapit ay napansin ko na ang mga senyales nang hindi na maitatagong kamatayan. Ang kamatayang hindi ko naman pinagdarasal ngunit akin nang inaasahan.

*Ang kamatayan ni Lolo Eleazar…*

Ang ibig sabihin ba nito ay malaya na ako?

# Kabanata Tatlo

Ilang araw muna ang lumipas bago tumatak sa isip ko ang katotohanang wala na nga si Lolo Eleazar. Inaamin kong hinahanap-hanap ko ang presensya niya. Madalas ay napapatanong na lang akong bigla kung may paksa akong hindi mabigyan ng karampatang pang-unawa; at kapag walang sumasagot ay saka lamang babalik ang reyalisasyon na nag-iisa na lamang ako sa loob ng tore.

Alam kong wala akong dapat ikatakot sa pag-iisa. Sa palagay ko naman ay nagawa ko bilang nag-iisang anak-anakan ni Lolo Eleazar na bigyan ng disenteng paraan nang pagpapaalam. Ginawa ko naman ang lahat nang pagtitimpi upang iwasang ihanda ang bangkay niya sa mesa ng laboratoryo upang pag-aralan, sa halip ay sinunog ko na lamang iyon hanggang maging abo, sa insinerador ng tore na naroroon sa pinakatuktok na palapag.

*May masasabi pa ba siyang masama sa akin kung ganyang trinato ko nang maigi ang kanyang bangkay?*

Nanahimik muna ako sa aking silid nang dalawang araw pagkatapos ng insinerasyon kay Lolo upang magluksa sa kanyang pagpanaw. Pagkatapos ng dalawang araw ay tila ba binigyan ako ng isang napakagaang na pakiramdam na sa tingin ko ay nagmula sa pagpapala niya kung nasaan man siyang langit naroroon.

Bukod sa emosyonal na pagpapala, iniwan din sa akin ni Lolo ang napakalaking tore na agad kong itinuring bilang kanyang natatanging pamana sa naulila niyang ulirang anak-anakan, at iyon ay walang iba kundi ako.

Hindi ko itatangging pinag-iinteresan ko talaga ang lumang tore ni Lolo. Palibhasa ay hitik sa mga lihim na naghihintay upang maibunyag. Nanabik ako nang husto hanggang sa hindi ko na iyon kaya pang pigilan. Daig ko pa ang isang baliw na sinuyod ang bawat sulok ng tore. Sa kasamaang palad ay wala naman akong natuklasang bago.

Halos mamatay na ang aking pangingilig sa kagalakan mabuti at nadiskubre ko ang isang lihim na lagusan sa may aklatan. Nababagot na rin kasi ako kaya naisipan ko na lamang na bumalik na sa aking mga naabalang leksyon. Hindi sinasadyang napasandal ako sa isang puwang sa pagitan ng dalawang magkatabing salansanan ng mga libro habang ako'y kukuha pa lang ng babasahin.

Laking gulat ko nang biglang umangat ang isang bahagi ng pader! Sinuri ko iyong maigi at kapagdaka ay nagpasya akong itulak iyon nang tuluyan. Binitbit ko ang isang makapal na aklat na magsisilbing sandata kung sakali mang may kung anong nilalang pala sa loob.

Wala sa hinagap ko na ang napuntahan ko pala ay isang lagusan. Madilim subalit hindi na pumasok pa sa isipan ko na

bumalik upang kumuha ng lampara. Kinailangan kong kumalma dahil parang sasabog ang puso ko sa mga natutuklasan ko matapos ang mahabang lakarin—na maaaring makapagpabago rin sa buhay ko kung sakali man.

Kinapa ko na lamang ang daraanan ko. Sa simula ay nakakadama pa ang mga palad ko nang matigas na adobe ngunit habang tumatagal ay tila lupang mamasa-masa na ang aking nahahawakan. Ibig sabihin lang noon ay palalim nang palalim ang lagusang tinatahak ko. May posibilidad kayang ito ang hukay para sa inihandang laberinto ni Lolo Eleazar na dapat sana ay hihimlayan niya sa oras na pumanaw siya?

Para masagot ko ang sarili kong tanong, ang tanging paraan lang ay ang magpatuloy.

Mayamaya lang ay nag-iba na ang pagkakapatag ng lupang dinaraanan ko. Mistula iyong papataas naman hanggang sa—

Ako ay nauntog. Pasalamat na lang ako at hindi ako nakakaramdam ng sakit. Sa tindi marahil ng puwersa nang pagkakauntog ko ay nabitawan ko ang aking dalang libro ngunit hindi ko na iyon pinagkaabalahan pang damputin.

Kinapa-kapa ko ang solidong kisame sa ibabaw ko. Tinuktok ko iyon nang tinuktok. Dahil siguro sa paulit-ulit na paggalaw kaya bumigay na rin at sa wakas ay naiangat ko iyon. Nasilayan ko ang malamlam na liwanag ng buwan. Nagkalat ang mga alitaptap sa paligid kaya animo'y nagsasayaw ang daan-daang berdeng bola ng ilaw. Nahawi ang ilang hibla ng aking buhok kaya nalaman kong umihip ang may kalakasang amihan. Ni hindi na maramdaman ng balat ko ang lamig. Napakabango ng amoy ang iniwan niyon, naghahalu-halo ang bango ng mga

bulaklak at iba pang halaman.

Iniangat ko ang aking sarili. Sumampa ako sa puwang na iniwan nang iniangat kong malaking bato. Pagkaangat ko ay saka ko napansing ang batong naalis sa puwesto ay parte ng adobeng sahig. Inilibot ko ang aking paningin. Nakita ko ang anino ng tore mula sa aking kinatatayuan ko. Malayo na ang tore, halata ang distansya niyon sapagkat maliit na kung titingnan iyon.

Ang galing. Nasa labas na pala ako ng tore. Kung gayon ay ang lagusang nadiskubre ko ay isa pa palang daan palabas ng tore.

Kahit matagal na akong pinagkatiwalaan ni Lolo Eleazar na makalabas ng tore ay hindi pa ako nakalalayo nang ganito. Ang kadalasang pinupuntahan ko lamang ay ang karatig na batis para makapaglinis ng katawan. Gusto kong lagi akong presentable. Iyon ang bagay na hindi maiaalis sa akin ni Lolo Eleazar. Iyon din ang isa sa mga pangaral ng magulang ko na hindi ko maaaring alisin sa buhay ko at dadalhin ko iyon habang-buhay.

Lakad dito, lakad doon. Nagpalakad-lakad ako sa mataas na talahiban habang nakatingin sa konstelasyon ng Cassiopeia. Tanaw ko naman iyon mula sa isa sa mga bintana ng tore ngunit iba pala kapag sa labas ko sila pinagmamasdan. Para bang ang lapit sa akin ng mga bituin na para bang kapag itinaas ko ang aking mga kamay ay magagawa ko na silang hawakan…

Kakaiba talaga ang lugar na ito. Mahiwaga. May nakikita rin akong mga naglalakihang haligi na gaya ng sa Parthenon—na minsang nabasa ko na sa mga libro—ang iba ay nangagsitumba na dala ng kalumaan. Nagsisilbi ang mga iyon bilang kanlungan ng mga tumutubong halamang-baging. Marami pang mga uri at klase ng halaman ang nakikita ko sa aking paligid. Parang nasa

isang abandonadong hardin ako.

Natagpuan ko ang aking sarili na nakangiti. Nasanay na akong manirahan sa mataas na palapag ng tore dahil wala naman akong nakikitang dahilan para gumala sa labas sapagkat nasa loob naman ng tore ang lahat ng kailangan ko. Unti-unti ay nalilipasan na rin ng panahon ang masidhi kong damdamin noon na makaalis ng tore at bumalik sa disyerto. Tinatamad na akong lumayo.

Ngunit dahil sa lugar na ito, na aking napuntahan, ay binubuhay ang namatay kong pagnanais na tuklasin pa ang mundo nang personal, hindi iyong patuloy akong aasa sa mga kuwento at mga larawan mula sa mga libro.

Bago ako napagpasyang bumalik sa tore ay nangako ako sa harap ng abandonadong hardin—na hindi man ngayon—sisikapin kong makaalis. Sisikapin kong maglakbay upang balikan ang lupaing pinanggalingan ko. Naisip ko na kung dati ay nag-aabang ako sa mga manlalakbay upang makinig ng kanilang mga kuwento at karanasan, ngayon ay nais ko namang ako ang makapagbahagi ng kuwento sa mga kabataang handang makinig sa akin.

Pagtalon ko sa hukay ng lagusan ay ibinalik ko ang adobeng nagsisilbing takip ng lagusan. Siniguro kong nakalapat iyon upang manatiling lihim ang lagusan mula sa mga estrangherong magagawi sa parteng ito ng kagubatan.

Iniwan ko na lang ang makapal na libro dahil baka maging kapaki-pakinabang iyong sandata kung saka-sakali sa aking pagbalik. Isa pa ay ilang ulit ko na rin naman na iyong nabasa.

Nanlilimahid na ako pagkabalik ko ng aklatan. Puno

ng putik ang aking suot. Nagdesisyon akong magpunta sa batis upang maligo. Bumaba ako sa pinakabase ng tore at binuksan ang dalawang magkatuwang na malaking pinto. Lumangitngit iyon dahil kinakalawang na naman at kailangan na ulit na langisan.

Naabutan ko sa labas ang isang sako at nagsimula na iyong langawin. Natampal ko ang aking noo. Nawala sa isip ko ang mga bagay-bagay. Ngayong gabi nga pala ang ihahatid ang binili kong bangkay. Kilala na rin ako ng embalsamador sa bayan dahil isinama ako ni Lolo Eleazar minsan sa puneraryang kinukuhanan niya ng bangkay at ipinakilala sa kanya. Madalas na kaming magkita nito dahil sa ako na ang gumagawa ng mga transaksiyon ni Lolo nang mapansin kong masyado na siyang napapagod sa pagpaparoo't parito. Ngunit hindi ko pa rin nasasabi sa embalsamador na pumanaw na si Lolo. Baka hindi na niya ako pagbilhan kapag sinabi ko. Alam ko namang kay Lolo lamang siya nagtitiwala.

Hinawakan ko nang maigi ang dulo ng sako at hinila iyon papasok. Pinagulong-gulong ko ang sako hanggang sa maipasok ko iyon sa nakatagilid na sisidlan na may mga nakakonektang lubid. Hinila ko ang dulo ng lubid at nagsimulang tumaas ang sisidlan. Umangat iyon nang umangat hanggang sa maabot na niyon ang butas sa dingding na bahagi ng laboratoryo saka ko itinali nang maigi ang ludib na hawak ko sa barandilya ng hagdan.

Muli akong lumabas ng tore at tinahak ang direksiyon papuntang batis. Katulad noong nakaraang gabi, ang tanging naririnig ko lamang kapag naroroon ako bukod sa agos ng tubig ay ang lagaslas ng mga dahon at mga tunog na likha ng mga maiilap na hayop.

Isa-isa kong hinubad ang suot kong damit. Wala man

lang akong naramdaman nang inilubog ko ang aking sarili sa gilid ng batis. Hanggang bewang ko ang tubig ng batis. Ni hindi ko maramdaman ang alam kong malamig na temperatura.

Inuna kong banlawan ang narumihan kong damit na isusuot kong muli at pag-uwi ko ay saka ko isasampay. Pagkatapos noon ay buong ingat kong nilinis ang sugat ko na ilang taon ko nang pinangangalagaan na magpapatuloy siguro hanggang sa matuklasan ko kung paano ito paghihilumin.

Manhid ako sa pisikal na aspeto ngunit tila may nagbubulong sa akin na may nakamasid sa akin. Inilibot ko ang aking paningin. Wala naman akong nakitang kakaiba. Pero minadali ko na rin ang pag-alis ng batis. Iba na ang sitwasyon ngayon. Walang naiwan sa tore. Hindi na gaya ng dati na alam kong naghihintay sa akin si Lolo Eleazar.

Thank you for reading the sample copy.

If you're interested to buy this book please order at the **Precious Pages Bookstore** or send a message at the Facebook Page of **BLACK INK.** For other inquiries please e-mail **blackink.editorialgroup@gmail.com.**